# TAGUMPAY ng isang TALUNAN

Kuwento ni
SALVADOR MAGOLINIO

ANG masakit na biro ng pagkakataon ay nakapagdulot sa iyo ng labis na pagdaramdam. Papaano'y, kung kailan pa naman sumapit na ang pinananabikan mong araw ng inyong "excursion" nina Edgar at Raquel sa matulaing Tagaytay, ay saka pa dumapo sa iyo ang matinding lagnat at sakit ng ulo na siya mong ikinaratay nang araw na yaon.

Subali, hindi ang "excursion" na iyon ang ipinaghihinanakit ng iyong kalooban. Ang labis na lumiligalig sa iyong damdamin ay ang pustahan ninyo ni Edgar:

—'Di kung gusto mo, pustahan tayo. —hamon ni Edgar sa iyo nang minsang, sa inyong pagsasarili ay nasabi mong mabibigo lamang siya kay Raquel.

Si Raquel ay isa mong matalik na kaibigan sa inyong bayan sa Nuweba Esiha. At bilang alaala ng pagkakaibigan ninyong iyon, ay isa niyang may kulay na larawan ang ipinabaon sa iyo nang ikaw ay malipat ng pag-aaral sa Maynila.

Samantala, sa Maynila naman ay doon mo nakadaupang-palad ang makisig at mabait na si Edgar. Iisa ang pamantasang pinapasukan ninyo, lamang ay "Commerce" ang kinukuha niya at ikaw naman ay "Education".

At isang hapon, habang kayo'y magkapiling na nakaupo sa ibabaw ng mga tipak ng batong kahalikan ng mga alon sa may baybay-dagat, ay nakita niya ang larawan ni Raquel na iniingat-ingatan mo sa iyong "wallet".

—Kangino larawan iyang nasa "wallet" mo, Lourdes? —magiliw niyang usisa.

—A, kay Raquel ito, ang matalik kong kaibigan sa amin, na luluwas dito sa Linggo upang sumama sa ating "excursion".

—Siya nga? —ang napabigla niyang sambitla, —Maganda siya! Mayruon na ba siyang katipan?

—Aywan ko lamang, —ang tila nakikimi mong tugon at sa iyong dibdib ay nakadama ka ng pagkatigatig.

—Talagang maganda siya! —may palatak pa niyang paghanga, at muling tititigan ang larawan ni Raquel.

—O, baka naman mangalaglag na iyang mga mata mo? —ang pabiro mong untag sa kanya, at isang tuyot na ngiti ang pilit mong pinagitaw sa iyong mga labi upang tabingan ang pangingimbulo na nais sumupil sa iyong damdamin.

Napalingon siya sa iyo.

—Ang sabihin mo ay malamang na ang puso ko ang siyang malaglag!

—Hoy, dahan-dahan ka! —bigla mong sansala sa kanya, —marahil ay nasasabi mo lamang ang ganyan sapagka't wala siya rito ngayon. Baka kung kasama na natin siya sa Linggo ay mapipipi ka?

—Sino? Ako...? Ibahin mo tayo, tsika. Liligawan ko pa siya kapag nagkataon, —walang kagatul-gatol niyang pakli.

Ang salitang "liligawan" ay waring isang babalang nagpasasal sa kaba ng iyong dibdib! Saglit kang nalito. Namula ang iyong mukha! Ibig-ibig mo na sanang magyayang umuwi, subali't sa iyong diwa ay may nabuong isang pasiya. —Ed, mahirap paibigin si Raquel. Matigas ang kanyang puso, kaya't mabibigo ka lamang.

—Lourdes, matigas mang bato ay naaagnas rin sa masinsing patak ng malambot na tubig, hindi ba? —patalinhaga niyang pakli.

—Nguni't, kakaiba si Raquel. Ako ang nagsasabing hindi mo siya mapapaibig, —pagpupumilit



mong galit sa kanya upang siraan siya ng loob, subali...

—At bakit mo naman natiyak? 'Di kung gusto mo, pustahan tayo...

Lalo kang kinabahan sa hamon niyang iyon. Sandali ka munang nagmuni-muni.

—Iyon lamang pala e, 'di-sigi, —nang nalauna'y napilitan ka na ring sumang-ayon, —Ano naman ang magiging pustahan natin?

At sinimulan niyang ipaliwanag ang magiging kasunduan ninyo hinggil sa pustahan.

—Ganito: Kung bago dumating ang bakasyong hinaharap at mapaibig ko si Raquel, ay ikaw ang bibili ng damit-pangkasal na gagamitin niya sa aming pag-iisang dibdib.

—E, kung mabigo ka naman-?

—Kahulugan, ikaw ang panalo

## At Sa Pagkatalo Siya'y Lumigaya, Pagka't Di Nabigo Ang Kanyang Pag-asa.

kaya't ako naman ang magbabayad sa magiging halaga ng isusuot mong pangkasal...

—At kung hindi ako mag-asawa agad, ano ang gagawin mo?—nakangiti mong biro.

—Aba, e 'di ako'y maghihintay.

—Kung sabagay, matalo man ako sa pustahan nating ito ay madali ko siyang maibibili ng kasuotang lalapat sa kanya sapagka't halos magkapareho kami ng sukat ng damit, —pagtatapat mo sa kanya.

—Gayon naman pala e, ang mabuti, ngayon pa ay bumili ka na, sapagka't nasisiguro ko ang iyong pagkatalo.

—Walang nakatitiyak ng panalo sa ating dalawa, Ed, kaya't bayaan na lamang nating panahon ang siyang humatol...

At gayon nga ang inyong naging pustahan.

Mula noon ay hindi ka na mapalagay. Lumalakas ang pintig ng iyong puso sa tuwing magugunita mo ang pustahan ninyo ni Edgar.

—Diyos ko, —minsa'y naidagdag mo tuloy sa taimtim mong panalangin, —para na ninyong awa. Ako na po sana ang Inyong papanalunin.

Nguni't... lalo lamang naragdagan ang iyong pangambang gumugulo sa iyong isipan. Nang dumating na ang araw ng iyong "excursion" ay nilagnat ka nga kaya't sina Raquel at Edgar na lamang ang napasama sa masayang pangkat.

—Marahil ay maligayang-maligaya na sila sa mga sandaling ito, —sapantaha mo noon, at sa iyong pagkakahiga ay naghali-halili nanudyo sa iyong pangarap ang sari-sari at nakakainggit na mga pangitain ukol kina Raquel at Edgar.




Ilang linggo lamang ang lumipas at ang mga pangitain mong yaon ay nauwing lahat sa katutohanan. Tulad ng iyong hinala, ang "excursion" ngang iyon ang nagbukas ng landas upang magkalapit ang mga puso nina Raquel at Edgar, na nang mga sumunod na araw ay humantong sa pagpapalitan nila ng mga liham ng pag-ibig.

At gayon na lamang ang iyong pagkasindak nang isang araw ay makatanggap ka ng kalatas ni Raquel.. Nasasaad sa sulat na iyon ang pagbabalita niya sa iyo, na bago dumating ang bakasyon, ay haharap na sila ni Edgar sa dambana.

—Diyata...! —ang tanging nausal mo at sa iyong damdamin ay may biglang naglatang na panibugho! At nang maglagos ang panibughong yaon sa pinakaubod ng iyong puso, ay saka mo lamang lubos na nakilalang, umiibig ka nga pala kay Edgar.

—Diyos ko, —ang sa gitna ng isang malalim na buntunghininga ay lumuluha mong nasambit, —kung sa tagumpay ni Edgar ay sadyang ako ang natatakdang masawi at lumuha, ay hindi ako tumututol. Nguni't ang tanging hinihiling ko lamang ay maano sanang balang araw ay maipadama rin Ninyo sa kanya ang tamis ng aking naunsiyaming pag-ibig.

Dahil sa pagkatalo mong yaon, kinabukasan din, araw ng Sabado, halos tumulo ang iyong luha nang bilhin mo ang isang mamahaling damit-pangkasal. At bago ka umuwi ay tinawagan mo si Edgar sa telepono upang magtungo sa inyo.

—Binabati kita, Ed. Mapalad kang talaga! —bungad mo sa kanya nang siya'y dumating. Matamlay mong iniabot ang iyong kamay na nanlalamig. Saglit siyang tumitig sa iyo. Dali-dali mong pinasaya ang iyong mukha upang huwag niyang maaninag ang pagdaramdam na nakukuyom sa iyong dibdib.

—Halika, tuloy ka... —ang malugod mo pang anyaya, gayong

Sundan sa pahina 76)

## Hindi Katulad...

(Buhat sa pahina 34)

yan siya ni Conrado at inilayo sa asawa.

—Nariyan si Dina, —anas ni Conrado, sa himig panunudyo.— Lalong maganda!

Napangiti si Menardo. Para nang nahuhulaan niyang ang kasama ng dalaga'y ang lalaking iyon: si Bing! Nabalitaan niyang hindi na si Mar ang laging kasama ni Dina. Iba na raw. Iyon nga si Bing! At iyon ang inaasahan ni Menardo na kasama ng dalaga.

—May kasama? —pasumalang tanong ni Menardo.

—Kasi pa! pakli ni Conrado.

—Sino?

—Kilala mo na, e.

—Kilala ko na?

—Oo, si Dan!

—Si Dan, ba ikamo? —Muntik nang masamid si Menardo.

—Hayun sila! Sayang, kung hindi ka lang nag-iba ng isip...

—Huwag mo nang ituloy, Conrado, —hadlang ni Menardo at tinapik-tapik sa balikat si Conrado, nang makitang si Dan nga ang kasama ni Dina at hindi si Mar. —Hindi ko pinagsisisihan iyon.

Humiwalay si Menardo sa maghanda, at tinungo niya si Cora. Sumidhi ang nadamang pagmamahal niya sa asawa. Lalong dumilag sa paningin niya si Cora. Parang bituing lalong nagningning sa pusikit na karimlan. Hindi maraya. May sariling ningning, di tulad ni Dina!


—Oo, bakit mo ako tinititigan? —nakatawang pansin ni Cora kay Menardo nang titigan niya nang walang kaalis-alis ang asawa.

Napatawa si Menardo. —Wala, wala! —aniya. —Nagbibilang lang ako.

Napakunot ang noo ni Cora. Subali't hindi nagsalita si Menardo. Hindi niya sinabi kung ano ang binibilang niya.

—Sukat bang pati si Dan ay napabilang! —naibulong ni Menardo sa sarili, at di-sinasadyang nakabig ang asawa nang pumailanlang ang isang malamyos na tugtugin.

—WAKAS—


**Ang Pagbili Ng Mga Bono Ay Mabuti Para Sa Bayan, Mabuti Para Sa Pangangalakal**

- *Pinakaligtas na paraan upang kumita ang inyong naiimpok*
- *Itinutustos sa mga balak na pagpapaunlad na pambansa*
- *Nagpapalaganap sa produksyon ng higit na kayamanang pambansa*
- *Nilulunasan ang kawalan ng hanap buhay, pinatataas ang halaga ng salapi*

**TINUTULUNGAN NINYO ANG INYONG KALAKAL KAPAG KAYO'Y BUMILI NG BONONG PW & ED**

*Makipag-alam sa Securities Market Dept.*

**CENTRAL BANK OF THE PHILIPPINES**

MANILA


## TAGUMPAY NG...

(Buhat sa pahina 31)

nag-iisa ka lamang noon sa tahanan ng iyong Tiya na siya mong pinakikituluyan sa Maynila.

Nakaupo na si Edgar ay wala pa rin ni anumang katagang mamutawi sa kanyang mga labi.

—Ed, sa palagay mo kaya ay babagay ito kay Raquel? —mahinahon mong basag sa katahimikang sandali ring namagitan sa inyong dalawa, at binuksan mo ang kahong kinasisidlan ng damit-pangkasal na binili mo.

Hindi parin humuhuma si Edgar.

Sa sulok ng iyong mata ay panakaw mo siyang sinulyapan. Nakita mong sa iyo siya nakatitig. Nagbaba ka ng mukha. Nguni't sa iyong pagkakatungo ay bigla kang nagulantang nang maglaro sa iyong muni si Raquel sa kasuotang pangkasal!

Dagling gumuhit sa iyong damdamin ang lalong masigid na panibugho! Gumapang ang kilabot sa iyong buong katawan. At bago mo nagunitang ikanlong kay Edgar ang may hapis mong mukha, ay may mga butil na pala ng hinanakit na nakapaglandas sa iyong magkabilang pisngi.

—Lourdes, —bigkas niya sa mababang tinig, at noon lamang siya nagsalita. May timyas ng pagsuyo ang pagkakabigkas niya sa iyong pangalan, —Hindi ka dapat lumuha, sapagka't para sa akin, ang nararapat na magsuot ng damit na iyan ay... ikaw!

Gayon na lamang ang iyong pagkabigla sa narinig mong sinabi ni Edgar. Hindi ka makapaniwala! At bagama't may galak na nagbangon sa iyong damdamin ay nagunita mo pa rin sa Raquel.

—Nguni't, Ed, sadyang para kay Raquel, at hindi sa akin nauukol ang damit na ito. Binili ko ito para sa kanya, sapagka't sa kanya ko rin nabatid, na ako ang kinapos ng palad sa ating pustahan. Nakatanggap ako ng sulat niya na nagsasabing...

—Na nagsasabing, kami'y magkatipan na, —maagap niyang agaw, —Na kami ay ikakasal na bago sumapit ang napipintong bakasyon sa ating paaralan. Subali't, Lourdes, si Raquel ay naging kasintahan ko dahil lamang sa ating pustahan, at iyon ay alam mo. Nguni't ang hindi mo pa natatalos ay ang isang katutohanang tanging ikaw lamang ang aking inibig sa mula't mula pa upang pakamahalin hanggang sa dulo ng aking buhay!

Lalo kang nagulat sa ipinagtapat...

(Sundan sa pahina 79)

## TAGUMPAY NG...

(Buhat sa pahina 76)

pat niyang iyon. Di maulatang kagalakan ang bumalot sa iyong munting puso. Ang dati mong hinanakit ay biglang nasubhan ng maningning na pag-asa. Gayonman ay nagpakatimpi pa rin ang iyong sarili.

—Lourdes, —patuloy pa niya, —higit kanginuman ay ikaw ang nakababatid na kung kaya ko hinainan ng pag-ibig si Raquel, ay dahil sa ating pustahan. Kaya't, utang na loob, patunayan mo sa kanya na siya ay hindi ko tunay na iniibig, —sumasamo pati ang kanyang tinig nang bigkasin ang pakiusap na yaon. —Noong una'y dinadaya ko sana ang aking damdamin, —dugtong pa niya, — nguni't ngayon ko lubos na naunawaang, ang isang pag-ibig na tapat at bukal sa puso ay higit palang makapangyarihan kaysa pagsuyong marupok na supling ng isang pustahan, kaya...

At biglang nauntol ang iba pa niyang sasabihin nang makarinig kayo ng sumalit na tawag ng kartero sa purok na iyon. Isang sobre ang iniabot sa iyo ng tagahatid-sulat, saka magalang na nagpaalam.

Sa unang sulyap mo lamang ay natiyak mo kaagad na kay Raquel galing ang natanggap mong iyon.

*"Anang huling bahagi ng kalatas:*

*Kaya, ikaw na sana, Lourdes ang bahalang magpaabot kay Edgar ng malungkot kong napagsapit. Utang na loob, sabihin mo ang katutohanan, na ako ngayon ay kasal na sa lalaking gumamit ng dahas upang makamtan ang aking pag-ibig na sadyang para sa kanya ko inilalaan.*

*Ang iyong kaibigan*
*Raquel"*

Sapat na ang liham na iyon upang maparam na biglang-bigla ang ligalig ng iyong damdamin at alinlangan ng iyong puso sa ipinagtapat ni Edgar. Nuon din ay nagningning sa kaligayahan ang dati'y malamlam na kislap ng iyong mga mata! Pati ng iyong maamong mukha, na nuong una ay mistulang larawan ng kawalang pag-asa ay biglang nabihisan ng matimyas na ngiti.

Sa makapangyarihang atas ng lihim mong pagmamahal kay Edgar ay napalingon ka sa kanya. Nagsalubong ang inyong mga paningin, na ang sa kanya ay may hiwatig ng pagtatanong ukol sa liham na hawak-hawak mo.

Sa pagkakaugnay ng inyong mga titig ay nadama mong sumigla ang tibok ng iyong puso! Nagunita mo tuloy ang damitpangkasal. At nang sulyapan mo iyon ay waring naging higit na busilak at lalong gumanda sa iyong pangmalas; kaipala'y sa dahilang, ang mapalad na magsusuot niyon ay wala nang iba kundi... ikaw!

—WAKAS—

## PAGDIDILIDILI

(Buhat sa pahina 25)

yumapos sa amang malaon nang sabik na mayakap ang bunsong nawalay ng tatlong taon sa kanyang piling.

..—Ama ko! Ama ko! —ang umiiyak na wika ni Denang. —Patawarin mo po ako sa nagawa kong pagkakamali! —Patuloy niya na waring hindi napansin ang maraming kanayong nakapaligid sa kanilang mag-ama. Ang iba'y pinapahid ang kanilang luha. Ang iba na may marurupok na kalooban ay tumalikodt upang hindi makita ang tagpong yaon ng mag-ama na nangungusap ang luha sa kani-kanilang mga mata.

—Magdalena! Anak ko! —Lumuluhang wika ni mang Ambo. —Nagpapasalamat ako at nagbalik ka sa aking piling!

Pagkaraan ng ilang sandali, matapos pahirin ang mga butil ng luha sa kani-kanilang mga mata, ay nagpalitan ng balita ang mag-ama. Sa katagalan ng kanilang pagbabalitaan ay noon lamang napansin ni Denang na wala roon si Angel, ang nagbalita sa kanya. na may sakit ang kanyang ama.

—Si.... si Angel, ho, nahan? —Tanong ni Denang sa ama.

Matagal na sandaling hindi nakaimik si mang Ambo. Lumunok iyon na parang pinadudulas ang lalamunan. —Mag-iisang taon na ngayon siyang PATAY! —at napayuko ito.

—Ho?.... —ang tanging namutawi sa mga labi ni Denang. Matagal na tinakasan ng kulay ang kanyang mukha. —Nguni't ama....

